Espesyal na Isyu Abril 19, 2004 www.philippinerevolution.org

Santambak na kasinungalingang pseudo-repormista

Sagot sa bayad na patalastas ng ilang elemento ng CBCP-NASSA kaugnay ng PTC

Ang mga utak ng bayad na patalastas ng CBCP-NASSA sa isyu ng 16 Abril ng PDI ay ang mga pekeng social democrat at mga nagpapanggap na repormista na ang tunay na pakay ay anti-komunistang pang-iintriga. Nag-aasta silang repormista para lamang ipagtanggol ang bulok na sistema at pasistang estado. Ang mga pinuno nila ang nasa tuktok ngayon ng National Security Council at National Intelligence Coordinating Agency at mga makapangyarihang ahensya sa gabinete at Malakan-

nguna sa pagtutulak ng total war at pasistang witch hunt ng AFP-PNP at direktang kakutsaba ng mga eksperto sa saywar at pasistang berdugo ng AFP-PNP, laban sa rebolusyonaryong kilusan.

yang. Lantad silang nangu-

May mga nakapirma sa bayad na patalastas na maaaring
ipagpalagay na walang
masamang intensyon
at malamang na natangay lamang ng mga intriga, kasinungalingan
at disimpormasyon laban sa BHB. Sinisikap

natin silang abutin at paliwanagan. Kaalinsabay, kailangang linawin sa publiko ang mga isyung ibinabato at binabaluktot ng bayad na patalastas. Batid din natin na may ilang pagkakamali at pagkukulang kaugnay ng ilang aksyong militar na nasasangkalan ng mga eksperto sa saywar ng AFP-PNP para mang-upat ng isteryang anti-terorista laban sa BHB.

2. propaganda pointers para sa mga reaksyunaryong burukrata at NGO laban sa PTC ng BHB. Ang mga nasabing punto sa kabuuan ay nagtutulak ng Ultra-Kanang mga pananaw tungkol sa usapang pangkapayapaan at lubhang demagohikong nagbubunton ng

sisi sa BHB para sa talamak na korupsyon at kabulukan ng reaksyunaryong eleksyon at reaksyunaryong pulitika, at pati sa labis-labis na laki ng agwat sa kabuhayan ng mga

mayaman at maralita.

Sinasamantala ng bayad na patalastas ang mga ilusyong burgis at petiburgis kaugnay ng reaksyunaryong eleksyon at sinasakyan ang buhos ng mga intriga at pambabaluktot laban sa BHB

mula sa pabrika ng
mga balita sa Kampo
Aguinaldo — para
mangalap ng suporta sa pagpapaigting
ng total war at pasis-

tang panunugis ng AFP-PNP.
Base sa kasalukuyang realidad ng bansa, hindi rin nalalayo ang pagbibigay-matwid at pagsuporta sa sigeng pinaiigting

na interbensyong militar ng US.

3 • syunaryong eleksyon. Ang BHB ay hindi lumalahok sa reaksyunaryong eleksyon. Walang pasubaling pinatutunayan ng buong kasaysayan ng papet na republika at ng ibayong sumasahol na realidad sa sosyo-ekonomya at pulitika na hindi makakaasa dito

ang sambayanan ng tunay na solusyon sa napakalalang krisis at mga pundamental na problema ng bansa. Ang reaksyunaryong eleksyon ay prosesong pulitikal na mahigpit na kontrolado mula umpisa hanggang katapusan ng imperyalismong US at mga lokal na reaksyunaryong kakutsaba nito. Lubos ang pagkontrol nila sa mga pangunahing pinagmumulan ng pondong pangampanya, sa mass media, mga tuntunin at makinaryang burukratiko, mga pinakamalakas na reaksyunaryong partido, at iba pang pinakamahalagang kasangkapan para tiyakin ang panalo sa reaksyunaryong eleksyon. Lagi pang nakaantabay ang makinarya sa panlilinlang at pandarahas ng reaksyunaryong estado para labanan at sagkaan ang impluwensya at panalo ng mga tunay na progresibong kandidato.

Gayunman, iginagalang ng BHB ang karapatan at pagsisikap ng mga ligal na progresibong pwersa na lumahok sa reaksyunaryong eleksyon para samantalahin ang anumang puwang doon—gaanuman kaliit o kalimitado—para isulong ang mga adhikain at kapaka-



Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas nan ng sambayanan. Napakalaki ang mga disbentaheng hinaharap nila, napakalaki at napakarami ng kalamangan sa kanila ng mga

pwersang reaksyunaryo at pro-imperyalista.

Nagsisikap din ang rebolusyonaryong kilusan na samantalahin ang lahat ng pagkakataon para isulong ang mga adhikain at pakikibakang anti-imperyalista, antipyudal at antipasista. Alinsunod dito, handa itong makipagkasundo at makipagtulungan sa lahat ng pwersa at elementong mapagkaibigan kahit panandalian, para maisulong ang pakikibakang bayan at kumuha ng mga pakinabang para sa mga

rebolusyonaryong pwersa, baseng masa at kilusang masa. Mulat din ang rebolu-

syonaryong kilusan sa pagsamantala ng lahat ng pagkakataon, maging ang mga alitan ng mga reaksyunaryo, para labanan, ihiwalay at pahinain ang mga pinakamasahol na reaksyunaryo, na pinakamalaki ang kasalanan at pamiminsalang ginagawa sa kapakanan ng bansa, sambayanan at rebolusyon.

Pahirap sa mga kandidatong mahirap? Malaking kabulastugan ang pantasyang nilulubid ng bayad na patalastas na may malayang kumpetisyon ng mga kandidatong mayaman at mahirap sa reaksyunaryong eleksyon, bagay na ginugulo raw ngayon ng BHB.

Matagal bago pa man ang panahon ng kampanya, ang mga pangunahing reaksyunaryong paksyon, ang mga pinakamakapangyarihan at pinakamakwartang paksyon, angkan, burukrata at pinansyer (lehitimo man o hindi) sa iba't ibang antas ay kumikilatis, pumipili at naghahanda na ng kanilang mamanukin sa reaksyunaryong

eleksyon. Sa pilian pa lang ng kandidato at pagbubuo ng tiket ng mga pangunahing partidong namamayani sa reaksyunaryong pulitika, sarado na ang pinto sa mga kandidatong maralita at laluna sa mga kandidatong makamaralita. Ito ang realidad sa reaksyunaryong pulitika at reaksyunaryong eleksyon mula ibaba at lalo pa sa mas mataas na mga antas. Isang anomalya sa reaksyunaryong pulitika ang maralitang

litika ang maralitang kandidato sa munisipalidad pataas.

Pero kung sakali man at may kandidatong maralita o "walang kakayahang magbayad" na tumatakbo sa anumang pwesto sa reak-

syunaryong eleksyon, makatitiyak siya o sila na ang BHB o mga patakaran nito ang pinakamaliit na dapat niyang problemahin sa pagbangga sa mga kandidatong pinili, suportado at pinopondohan ng mga namamayaning reaksyunaryong paksyon.

Kumpara sa daan-daang milyong ibinubuhos ng mga reaksyunaryong partido at pulitiko sa eleksyon sa munisipalidad pataas, ang access fee o PTC ng BHB ay kakarampot lamang. Mas mahalaga sa pananaw ng BHB ang tanda ng paggalang at pagpapasintabi sa rebolusyonaryong kapangyarihan sa mga sona at baseng gerilya. Ang mga sona at baseng gerilyang ito ay naipundar sa pamamagitan ng buhay-at-kamatayang pakikibaka at di matatawarang mga sakripisyo ng mga rebolusyonaryong pwersa at masa. Mas mahalaga rin para sa BHB and oportunidad na makipagusap sa lahat ng handang makipagkaibigan o makipagmabutihan at mangalap ng suportang walang kundisyon para sa kapakinabangan ng BHB, baseng masa at kilusang masa.

Ang pasya ng BHB sa mga kahilingan sa permisong makapangampanya sa mga sona at baseng gerilya nito ay hindi solo ni pangunahing nakabatay sa halagang ibinabayad. Di hamak na mas matimbang ang kahandaang gumalang at makipagmabutihan hindi lamang sa rebolusyonaryong pwersa kundi higit pa sa mamamayan sa lugar. Kaugnay nito, pinaninindigan ng BHB ang karapatang pigilin ang sinumang nais gumalugad sa mga sona at baseng gerilya nito para lamang magkalat ng lason at poot, mang-espiya at manabotahe laban sa rebolusyonaryong kilusan. Ang mga pumapasok sa mga sona at baseng gerilya nang walang pakundangan at bukod pa'y naqdadala ng mga armadong escort na goons o pasistang militar ay ipinapalagay na may masamang intensyon at tama lamang na harapin ng nababagay na armadong aksyon ng BHB.

Paghadlang sa karapatan sa **→** impormasyon ng mamamayan sa mga sona at baseng gerilya? Ang karaniwang mamamayan sa mga sona at baseng gerilya ng BHB, kumpara sa ibang bahagi ng bansa, ay di hamak na mas maalam at mas malalim na nakauunawa sa tunay na kalagayan ng lipunan, mga pangunahing isyu, at tunay na katangian at interes ng mga pangunahing pwersang pulitikal sa bansa. Hindi galing sa tuwing ikatlong taong mga sarswela at buladas ng mga nangangampanyang reaksyunaryong kandidato ang ganitong kaalaman nila, kundi sa mulat na paglahok sa mga pakikibakang bayan at walang pagod na edukasyong pampulitika at pag-oorganisa ng mga samahang masa, organo ng kapangyarihang pampulitika, komite ng NDF at mga yunit ng BHB. Ang karaniwang mamamayan sa mga sona at baseng gerilya ng BHB ay di hamak na mas matalas na nakakakilala sa tunay na mga nagtataguyod sa kapakanan ng sambayanan at sa mga kinatawan at tagapagtanggol ng mga dayuhan at lokal na mapagsamantalang uri. Pinatutunavan nila ito hindi lamang at hindi pangunahin sa kung ano ang isinusulat sa balota sa mga reaksyunaryong eleksyon, kundi sa pakikipaglaban sa sarisaring pwersang nagtatangkang manghuthot, mang-api at manlinlang sa kanila. Ang mamamavang mangmang at hindi pukaw ay hindi pwedeng magrebolusyon. Obligadong mag-aral at matuto ang mamamayan sa mga sona at baseng gerilya ng BHB dahil kailangan nila ang armas ng kaalaman para

pangalagaan ang kanilang pagkakaisa at labanan ang walang humpay na mga intriga at disimpormasyon, mga pananakot at panggigipit, at walang-awang mga pana-nalakay ng mga

pasistang tropa ng

AFP-PNP-CAFGU.

Pagpapalala sa ko-**O** • rupsyon? Matinding parusa sa masa ng sambayanan ang walang patumanggang korupsyon at kabulukan na lumulukob mula ulo hanggang paa sa burukrasyang sibil at militar ng reaksyunaryong qubyerno. Salungat sa pagpapalabo ng bayad na patalastas ng CBCP-NASSA, ang tunay na nasa kaibuturan ng kabulukang ito ay ang labis na panghuhuthot ng mga mapagsamantalang uring dayuhan at lokal, ang lubhang parasitikong pananaw

at gawi ng mga reaksyunaryong naghahari sa tuktok ng sistemang pampulitika at pang-ekonomya, at ang tusong pagmanipula ng imperyalismong US sa kasakiman at pagkapapet ng mga lokal na naghaharing uri para pikit-matang mapasunod ang reaksyunaryong gobyerno sa anumang dikta ng Washington at mga internasyunal na ahensyang kontrolado nito gaya ng IMF-WB-WTO. Nagmamalinis ang imperyalismong US tungkol sa korupsyon pero sila mismo ang nag-uudyok at pinakamalaking nakikinabang dito. Ang mga ito ang nasa likod ng pagalagwa ng korupsyon sa reaksyunaryong gubyerno sa panahon ni Marcos, gayundin sa lalo pang pagsahol nito sa panahon ni Corazon Aguino, Fidel Ramos, Joseph Estrada at Gloria Macapagal-Arroyo.

Sukdulang batak ng lohika at imahinasyong *socdem* ang isisi sa

kakarampot na singil sa PTC ang daan-daang bilyon taun-taon na nalulustay sa pondong publiko bunga ng talamak na korapsyon at kabulukan-huwag nang kwentahin pa ang ibang pinsalang dulot ng labis-labis na pagba-

luktot at pagsalaula sa mga patakarang pambansa.

Pinakama-

haba at pinakamasugid ang rekord ng mga pwersang rebolusyonaryo at progresibo sa pagbaka sa korupsyon at mga bulok na pulitiko. Sarisaring panunupil at pangaabuso ang sinuong nila para labanan ang mga pinakamalaking mandarambong mula kay Marcos hanggang kay Estrada at hanggang kay Jose Pidal. Kahit nakikipagkompromiso o nananahimik na ang iba, ang mga ligal na progresibong pwersa sa pamamagitan ng kilusang protesta at iba pa, ay matatag at walang pagod na nagpapatuloy sa paglaban para papanagutin sa hustisya ang mga mandarambong na gaya ni Marcos at Estrada. Ginagawa rin ng mga iligal na rebolusyonaryong pwersa ang lahat ng makakaya para usigin at papanagutin ang mga pinakamalalaking mandarambong. Isang patunay ang tuluy-tuloy na malaking timbang na ibinibigay ng NDFP sa usaping ito sa paghahanay ng mga problemang dapat harapin ng usapang pangkapayapaan ng NDFP at GRP.

Kaugnay nito, ano ang gustong ipagmalaki ng mga pekeng socdem at mga pekeng repormista, ng mga promotor at benepisyaryo ng multibilyong raket sa PEACe bonds, ng mga burukratang civil society na nagpapakasasa sa mga pusisyon at pribilehiyong ipinabor sa kanila ng rehimeng Macapagal-Arroyo at iba pang reaksyunaryong rehimen mula kay Aquino, at ngayo'y kabilang sa mga pinakanag-uulol na tagapagtanggol ng bulok na sistemang reaksyunaryo at estadong papet at pasista?

Ano ang totoong pinakamalaking hadlang sa pagabante ng usapang pangkapayapaan? Ipinapangalandakan ng bayad na patalastas na ang paghahangad daw ng NDFP na magawaran ng status of belligerency ang pinakamalaking hadlang sa pag-abante

ng usapang pangkapayapaan. Ito rin and matagal nand sinasabi ng mga militarista at mga pekeng *socdem* na pareho ang pangarap na mapasurender o di kaya'y kumpletong madurog ang armadong rebolusyon. Sa katunayan, ang obsesyon ng mga militarista at pekeng socdem sa pagpapasurender o di kaya'y todong paqtuqis at paqduroq sa mga rebolusyonaryong pwersa ang nasa likod ng mga pinakamalalaking pagkaantala at qusot sa pagsulong ng usapang pangkapayapaan. Udyok ng mga militarista sa pamumuno ni Angelo Reyes ang arbitraryong pagtalikod ni Estrada sa usapang pangkapayapaan pagkatapos niyang pirmahan ang CARHRIHL, kasunod ang pag-uutos ng all-out-war laban sa rebolusyonaryong kilusan. Udvok ng mga militarista at mga pekeng socdem ang arbitraryong pagsuspindi ni Macapagal-Arroyo sa usapang pangkapayapaan nang mahigit dalawang taon sa pagaakala nilang pwedeng sindakin ang NDFP ng gerang anti-terorismo ni Bush at interbensyong militar ng

Ang usapang pangkapayapaan sa katunayan ay matagal nang umabante nang lampas sa usapin ng pagsuko ng NDFP. Sa The Hague Joint Declaration pinagkasunduan ang usapang pangkapayapaan base sa

US.

pangkalahatang balangkas ng mga prinsipyo ng pambansang soberan-

ya, demokrasya at hustisya

sosval na tinatanggap ng magkabilang panig. Pinagkasunduan din ang pag-iwas sa anumang prekundisyong sisira sa likas na katangian at layunin ng negosasyong pangkapayapaan. Sa kasalukuyan, hinaharap sa usapang pangkapayapaan ang usapin sa implementasyon ng CARHRIHL, ang unang komprehensibong kasunduan sa pagitan ng dalawang Partido, at ang pag-abante sa mga usapin ng mga pundamental na

usapin ng mga pundamental na reporma sa sosyo-ekonomya. Lubhang kaduda-duda, kung gayon, ang adyendang nasa likod ng tangka ng bayad na patalastas ng CBCP-NASSA na muling palakihin ang usapin diumano sa status of belligerency ng NDFP. Ito ay malinaw na panibagong tangka para pihiting paatras ang usapang pangkapayapaan at ibalaho na naman ito sa usaping pinakamalapit sa puso ng mga militarista at pekeng socdem—ang paghingi sa pagsurender ng mga rebolusyonaryong pwersa.

Hindi maitatatwa ang pag-iral ng dalawang hukbo at dalawang magkahiwalay na kapangyarihang pampulitika sa bansa: ang papet at reaksyunaryong GRP at AFP sa isang paniq, at ang rebolusyonaryong kapangyarihan at hukbong bayan sa kabila. Ang layunin ng usapang pangkapayapaan sa pagitan nila ay ang paghahanap ng mga puntong katanggap-tanggap sa magkabilang panig tungo sa ikalulutas ng mga pundamental na suliraning pambansa at panlipunan na ugat ng armadong labanang sibil, bukod sa pagsubok na magkasundo sa paglutas ng mga suliranin at usapin na magdudulot ng kagyat nang pakinabang sa sambayanan.

Sagot ng NDFP negotiating panel sa bayad na patalastas ng CBCP-NASSA

Luis G. Jalandoni **Tagapangulo** NDFP Negotiating Panel Abril 19, 2004

🖢 ilang Tagapangulo ng Negotiating Panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), inawtorisa ako ng NDFP National Executive Committee na maglabas ng pormal na sagot sa mga katanungang inihaharap ng pahayag na "NPA Taxation in the May 2004 elections" ng CBCP-NASSA1 na pirmado ng mga obispong Katoliko at mga social action director. Sinasamantala ng NDFP ang pagkakataong ito upang biqyanq-linaw ang mga sali-

gang prinsipyong gumagabay sa rebolusyonaryong pagbubuwis hindi lamang para sa mga lumagda sa pahayaq kundi sa lahat ng taong napaniwala na isang anyo ng pangingikil ang pagpapahintulot ng BHB sa mga kandidato at mangangampanya sa eleksyon na pumasok sa teritoryo ng rebolusyonaryong gubyerno na tinatawaq na "permit to campaign" ng ilan.

Ang ipinapahayag namin dito ay tulad rin ng ipinahayag namin sa hapag ng negosasyon kaugnay ng naturan ding usapin nang ungkatin ito noong Abril 1 ng isang kagawad ng negotiating panel ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) sa ikalawang bahagi ng pormal na usapang pangkapayapaan sa Oslo, Norway mula Marso 30 hanggang Abril 3, 2004.

Unang-una na, ipinapahayag namin na ang milyun-milyong ma-

mamayan at mga rebolusyonaryong pwersa, kabilang ang Bagong Hukbong Bayan, na pawang kinakatawan ng NDFP ay rumerespeto sa likas at di maihihiwalay na karapatan at kalayaang mag-isip at magpahayag ng lahat ng indibidwal at grupo, kabilang ang lahat ng klase ng partidong pampulitika at pulitikong nangangampanya ngayon para sa eleksyon sa Mayo 2004 ng reaksyunaryong estado. Malayang makapagpapahayag ang mga enti-

gawin lamang nila ang naaangkop na tuqon. Isang kalabisan at malinaw na kabulaanan ang pagpapalagay na ang rebolusyonaryong gubyerno at ang kilusang masa ay makapagpapataw ng sariling kagustuhan sa pamamagitan ng simpleng pamumwersa o panunutok ng baril sa iba, kabilang ang mga nakaupong upisyal at mga naghahangad ng pwesto sa reaksyunaryong gubyerno. Totoong lumalapit sa mga rebolusyonaryong pwersa ang mga lider pulitiko at kandidato sa eleksyon sa Mayo 2004 upang ipaliwanag ang kanilang mga ideya at


mga rebolusyonaryong pwersa. Ga-

pananaw, mag-alok ng pakikipagsuportahan at pakikipagtulungan at tumubos ng security clearance para sa kanilang kampanya.

Ginagawa lamang ito ng naturang mga pulitiko at kandidato nang tulad ng qinaqawa nq GRP sa pakikipaq-usap sa NDFP hinggil sa mga usaping substantibo at teknikal.

Iilang pangahas na pulitiko lamang ang bumabalewala sa baseng masa at armadong lakas ng rebolusyonaryong kilusan, nagdedeklara ng gera laban dito at walang hunos-diling nagdadala ng mga pribadong armadong grupo at/o upisyal na mga armadong yunit ng reaksyunaryong armadong pwersa, pulisya at paramilitar sa teritoryo ng rebolusyonaryong gubyerno.

Ang pahintulot o security clearance para pumasok sa teritoryo ng rebolusyonaryong gubyerno av naglalayong tukuyin ang katangian ng mga grupo at indibidwal na pumapasok at hadlangan ang pag-



Hindi mapipiqil ng rebolusyonaryong mamamayan at mga pwersa ang mga inisyatiba at hakbangin ng iba't ibang entidad na nag-aalok ng pakikipagsuportahan at pakikipagtulungan, pumupusisyong nyutral o marahas na lumalaban sa

pasok ng mga tauhan ng kaaway na magpapahamak sa mamamayan. Kapaki-pakinabang ito kapwa sa mga rebolusyonaryong pwersa at mga kandidato dahil sa pamamagitan nito'y maiiwasan ang

mga di kinakailangang saqupaan at pagkakamali.

Hindi binubuwisan rebolusyonaryong qubyerno ang kalayaang magpahayag, bagamat maaari nitong limitahan (ngunit di labagin) ang gayong karapatan kapag pumapasok sa teritoryo nito and mga kontrarebolusyonaryong kaaway na may dalang mga armadong tauhan upang siraan at hamunin \ ang mga rebolusyonaryong pwersa. Ang binubuwisan ng rebolusyonaryong gubyerno ay ang pribilehiyong magpatakbo ng pribadong

isang antas ay mapagsamantala ngunit maaaring pahintulutan at buwisan dahil kailangan at pakikinabangan pa rin ng mamamayan.

negosyo na maaaring sa

Sa ilalim ng intenasyunal na batas at ng kumon na batas ukol sa armadong tunggalian, lehitimong hangarin at pinagsisikapan ng rebolusyonaryong qubyerno at kilusan ng mamamayan ang pagkakamit ng internasyunal na pagkilala sa status of belligerency nito. Nagmumula ito sa katotohanang nakamit ng rebolusyonaryong gubyerno at kilusan ang status of belligerency bunga ng puspusan at masikhay na pakikibaka. Hindi nila kailangan ni nilalayong kamtin ang belligerency status sa pamamagitan ng usapang pangkapayapaan ng GRP at NDFP at lalong hindi sa pamamagitan ng mga pakikipag-usap at pangmadaliang mga pakikipagkasundo sa mqa indibidwal na pulitiko.3

Ang internasyunal na pagkilala sa gayong katayuan ay magmumula sa mga tagumpay ng mga opensiba ng BHB at ng paglawak ng kapangyarihan at teritoryo ng gubyernong bayan. Tulad ng nalalaman ng mga taong may mabuting kalooban at

may sapat na pang-unawa, ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayang kinakatawan ng NDFP ay may mga karapatan at tungkulin sa ilalim ng internasyunal na batas, ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at ng konstitusyon at mga batas ng rebolusyonaryong gubyerno.

Mayroon mang BHB o wala, mapagpasya ang malaking salapi sa mga reaksyunaryong eleksyon at nagmumula ito sa mga imperyalista, mga nagsasamantalang uring malaking kumprador at panginoong maylu-

pa at mga burukrata kapitalistang sumasarili sa nakokolektang buwis at mga pag-aaring publiko. Mali ang tinatarget ng bayad na patalastas at inililihis nito ang

atensyon ng tao palayo sa mga nang-aapi at nagsasamantala na siyang nagtatakda ng katangian, kondukta at kalalabasan ng eleksyon. Hindi dapat palabasing kasalanan ng BHB ang kabulukan ng sistemang elektoral at ng

buong naghaharing sistema ng mga nagsasamantalang uri.⁴

Mula sa sunud-sunod na mga maling hakahaka hinggil sa BHB, tumutungo ang pahayag sa di kapani-paniwalang kong-klusyon na ang reaksyunaryong eleksyon ay kontrolado ng BHB at hindi ng reaksyunaryong gubyerno. Hindi kaya dapat unawaing

lubos ng mga naglabas ng naturang pahayag na ang eleksyon sa Mayo 2004 ay pag-aari ng mga nagsasamantalang uri, ng reaksyunaryong gubyerno at ng mga tiwaling pulitiko ng sistema na kumukurakot sa nakokolektang buwis at tumatanggap ng pera mula sa kanilang mga panginoong masalapi at ang gayong eleksyon ay naglalayong lumikha ng ilusyong may demokrasya?

Ang pananagutan sa mapagsamantala, mapang-api at tiwaling katangian ng naghaharing sistema at ng mga elektoral na proseso nito ay hindi maaaring ipasa sa BHB at sa rebolusyonaryong kilusang masa. Kahit ilang kasinungalingan ay hindi makapaqbubunton ng sisi sa BHB. Sa katunayan, nakaatang sa BHB ang tungkuling mang-aresto ng mga mandarambong para maimbestigahan at kung ipinahihintulot ng ebidensya ay maisakdal at malitis. Ang tungkuling ito ay nagmumula sa konstitusyon at mga batas ng rebolusyonaryong gubyerno at sa CARHRIHL.

Ang paglaki ng rebolusyonaryong hukbo at lahat ng mga organisasyong masang nakiki-

baka para sa pagbabagong panlipunan ay nag-uugat sa katotohanang ang mamayan ay patuloy na inaapi ng naghaharing estado ng malalaking pa-

nginoong maylupa,
malalaking negosyante at mga tiwaling burukrata.
Kaya kinikilala ng
mamamayan ang
rebolusyonaryong gub-

yerno bilang gubyernong tumutugon sa kanilang mga kahilingan. Lumalahok sila sa rebolusyonaryong kilusan upang labanan ang mga umaapi at nagsasamantala sa kanila at magsikap na matupad at maisulong ang kanilang mga pambansa at demokratikong karapatan at interes. Sumasalig sila sa sariling mga pagsisikap at rekurso habang malugod na tumatanggap ng mga boluntaryong kontribusyon at donasyon para sa mga layuning panlipunan katulad ng qinagawa ng mga simbahan.

Ang paratang na nangingikil ang BHB ay malisyoso, walang batayan, at hindi makatarungan. Ang mga rebolusyonaryong buwis, boluntaryong kontribusyon at donasyon kung mayroon man ay para sa mga layuning panlipunan ng rebolusyonaryong gubyerno at kilusan. Ginagamit ang mga ito upang tugunan ang mga pangangailangan ng mamamayan at para itaguyod at ipagtanggol ang kanilang mga pambansa at demokratikong interes.

Ang orihinal na nag-imbento ng maling paratang na ang BHB ay nagpapataw ng buwis sa kalayaang magpahayag at sa kampanyang elektoral ay mga eksperto sa saywar ng militar, mga kleriko-pasistang elementong nag-aastang tagapagtaguyod ng civil society, mga sosyal demokrata at mga antikomunistang elementong kasabwat ng US intelligence sa Institute of Popular Democracy at Akbayan. Sinasamantala nila ang binaluktot na mga pahayag ng ilang rebolusyonaryong lider na pinalalabas nilang

arogante at nagtatangkang pwersahin ang mga kandidato sa pulitika na magbayad ng tinatawag na

permit to campaign at pagkatapos ay inilalantad at ipinagkanunulo sila.

Napakaaktibo ng GRP sa pagbira sa rebolusyonaryong mamamayan at mga pwersa at maging sa ilang ligal na progresibong partido at kandidato. Ang saywar hinggil sa tinaguriang PTC at ang pagpaparatang na komunista ang mga progresibo ay naglalayong bigyang-katwiran ang mararahas na atake, pag-ibayuhin ang talamak nang mga paglabag sa karapatang-tao at bawasan o alisan ng boto ang mga progresibong partido at kandidato.

Wala pang kandidatong umaamin na nagbigay siya ng salapi sa BHB dahil sa takot. Iilang pulitiko lamang na ginagamit ng militar para sa saywar ang nagpapahayag ng mga kasinungalingan laban sa BHB. Unang-una, ang iilang ito ay mga pusakal na kaaway na ng BHB.

Ipinagpapalagay ng pahayag na ang BHB ay nakakokolekta ng napakalaking halaga mula sa "PTC" para ipambili ng mga baril. Kaugnay nito, binibigyang-diin namin

> na halos 100% ng mga sandata ng BHB ay nakukuha sa labanan. Sagana sa armas ang bansa dahil unang-una na'y sinusuplayan ng Pentagon ang papet na mili

tar, pulisya at paramilitar. Saka na lamang nasasamsam ng BHB ang mga armas na ito sa pamamagi-

ga armas na ito sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba tulad ng mga ambus at reyd laban sa mga pwersang militar, pulis at paramilitar.

Hinggil naman sa "civil society". Maaaring magandang termino ito. Ngunit sa panahong ito, ito ay dili iba't isang hungkag na terminong inaangkin ng mga parasitikong NGO na pinopondohan ng mga imperyalista, upang pagtakpan ang marahas at malupit na katangian ng reaksyu-

naryong estado at maggiit ng kagandahang-asal at pagiging mabuting mamamayan sa ilalim ng barbaro at brutal na pwersa ng nagsasamantalang mga uri. Matapos magpanggap bilang sibil na tagapagtaguyod ng huwad na sosyal demokrasya, lumantad na si Norberto Gonzales bilang pinapaboran ng US na national security adviser ng papet na gubyerno.

Ang mga manggagantso sa mga NGO ng tinaguriang civil society ay walang itinatanong tungkol sa tinatawaq na PTC kundi naqkakalat ng kanilang mga kasinungalingan at mga maling kongklusyon. Nililinlang nila ang iba upang magpahayaq ang mga ito ng mga tanong na may kinakatigan nang pananaw at wala namang inaasahang sagot. Ang mga nangunguna sa mga manggagantso at kleriko-pasistang ito ay matataas na upisyal ng qubyerno sa kasalukuyan. Ang sukdulan nilang katiwalian ay inilalantad ng PEACe Bond scam kung saan umaabot sa P1.6 bilyon ang kanilang kinurakot sa kapinsalaan ng mamamayan, at ng paglilihis ng dambuhalang pondong publiko at dayuhang "ayuda" tungo sa pinalobong mga proyekto ng mga "socdem" na NGO.

Yumaman ang marami-raming manggagantso sa mga NGO, kabilang ang ilang kleriko-pasista, sa mga iskandalo at proyektong ito. Ang mga manlilibak na ito laban sa BHB at buong rebolusyonaryong kilusan ng sambayanang Pilipino ay walang anumang karapatang magkalat ng mga kasinungalingan at manirangpuri habang tikom naman ang bibig hinggil sa bilyunbilyong pisong kanilang kinulimbat.

Bilang pagtatapos, nais kong banggitin ang Second Oslo Joint Statement na pinirmahan ng mga panel sa negosasyon ng GRP at NDF noong Abril 3, 2004. Hinihikayat ng pahayag na ito ang lahat ng naghahangad ng makatarungan at matagalang kapayapaan sa Pilipinas at sa internasyunal na komunidad na sumuporta sa mga pagsisikap ng magkabilang paniq na prinsipyado at sinserong ihanap ng solusyon ang kagyat na mga problemang bumabalakid sa usapang pangpayapaan. Pinasikad nito ang implementasyon ng CARHRIHL. Kinakatawan nito ang komitment ng magkabilang panig na pabilisin ang negosasyon hinggil sa mga repormang panlipunan at pang-ekonomya. Kaugnay nito, ang walang batayan at di makatarungang mga paratang na "terorista" at "mangingikil" ang NDFP/BHB ay taliwas sa mga positibong inabot na ito ng usapang pangkapayaan ng GRP at NDFP.



Mga tala:

- 1. Ang tinutukoy na pahayag ay lumabas bilang isang buong pahinang bayad na patalastas sa Abril 16, 2004 na isyu ng Philippine Daily Inquirer.
- 2. Sagot sa tanong na: "Kung ang restriksyon sa kilos ng mga kandidato ay paglabag sa kanilang karapatang-tao, hindi ba't ang pagkawala ng pagkakataon ng mga botante na marinig at makita ang mga tumatakbong kandidato ay paglabag din sa karapatan nilang makakuha ng impormasyon upang makaboto sila nang matalino?
- 3. Sagot sa: "Sa pakikipagnegosasyong pangkapayapaan sa NDF-BHB, ang pinakamalaking balakid sa tagumpay ng usapan ay ang pagtanggi ng gubyerno na igawad sa kanila ang 'belligerency status' na kanilang iginigiit. Kung tutuusin, ang mga katanungan sa itaas ay tumutumbok sa iisang tanong: Ang pagbubuwis ay gawain ng isang nagsasariling estado; kaya ang talagang ginagawa ng NDF-BHB sa pagbubuwis sa mga kandidato ay pagtatayo ng sarili bilang gayong estado na may kapangyarihang magbuwis sa mga teritoryong nasa kontrol umano nila. Lumalabas, kung gayon, na ang hindi nila nakukuha sa hapag na negosasyon ay nakukuha nila sa pakanang pagbubuwis. Kaya ang huling katanungan namin ay: Nagsasariling estado ba sila sa loob ng isa pang nagsasariling estado?"
- 4. Sagot sa: "Ang pinakamalamang na bumigay sa kagustuhan ng BHB at pinakamalamang na manalo sa eleksyon ay yaong mga pulitikong kilalang tiwali at may hawak na salaping bunga ng kanilang mga tiwaling gawi. Kung gayon, hindi kaya ito ganap na kabaligtaran ng umano'y layunin ng BHB na baguhin ang lipunang Pilipino at iwaksi ang lahat ng klase ng katiwaliang malaon nang salot sa buhay ng ating bansa?"
- 5. Sagot sa: "At kung hindi ideklarang bigo ang eleksyon at ang magsipagwagi ay yaong mga nagbayad sa BHB, hindi ba ito mangangahulugan na ang proseso ng eleksyon ay kontrolado hindi ng gubyerno kundi ng BHB?"
- 6. Sagot sa: "Kung iba ang gumawa ng ginagawa ng BHB, hindi ba't tatawagin itong pangingikil sa ilalim ng batas?"
- 7. Sagot sa: "Kung ang mga sundalo ay magbenta ng baril sa mga rebelde upang tulungan silang pumatay ng kapwa sundalo, hindi ba katulad din ito ng mga mamamayang nagbabayad ng 'buwis' sa mga rebelde at gayo'y tumutulong sa kanilang pumatay ng mga sundalo gamit ang mga baril na binili sa pamamagitan ng naturang 'buwis'?"